Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BLG. 23-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang magalang na pagliliwat ng kahilingan ng Punong-barangay ng Barangay Dila na si Gng. Lucia Mane sa Kagalang-galang FELICISIMO T. SAN LUIS upang maisakatuparan ang pagpapa-ayos ng lubak-lubak na lansangan sa kanilang barangay na nasasakop ng Daang Pang-nasyonal.

IPINASIYA din na padalhan ng sipi ang Pampurok ng Tanggapan ng Department of Public Works and Highways.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

**********

KAUTUSANG BAYAN BLG. XII-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang TATLUMPU'T WALONG LIBO WALONG DAAN ANIMNAPU'T ANIM AT DALAWANG SENTIMO (₱38,866.02) mula sa kabang bayan upang iukol sa mga sumusunod:

1. refill of 6 fire extinguisher. . . ₱14,850.00
2. steel grating cover sa Barangay Caingin. . . . . . . . . . . . . . . 24,016.02

₱38,866.02

IPINASIYA din na ang halagang inilalaan ay magmula sa 1991 unappropriated balance ng General at Infra Funds.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 217-'91
PROVINCIAL BOARD
Abril 10, 1991

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

************

Ang kahilingan ng ALSCO DEVELOPMENT CORPORATION na maipagkaloob ang pag-aari ng mga daan sa Southdrive Village ay pansamantalang ipinagpaliban ang pagtitibay. Sa halip ito ay inililiwat sa Tagapangulo ng Lupon ng Human Settlements upang mapag-aralan at masuri.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Naunungkulang Punong-bayan

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad